**Eugene Y. Evasco**\Mumunting Lungting Talinghaga

*mga tulang pambata*

# Pitong Haiku

1.
Sunog ang batok
sa maghapong paghipo
sa makahiya.

2.
Flash ng kamera
ang mga alitaptap;
ako'y ngumiti.

3.
Sa balkonahe,
nag-aabang ang tuta;
magbalik ka na.

4.
Ula'y bumuhos;
mga dahon ng gabi,
nagkabrilyante.

5.
Ay! Magkadikit
ang dalawang tutubi;
ako'y pumikit.

6.
Itlog ng banog,
yakap ng mga siit;
hiyas ng langit.

7.
Dito sa baybay,
ahon ang bit'wing-dagat;
ako'y hihiling.

---

**Tala:**
**banog**—katutubong termino sa Philippine eagle o monkey-eating eagle
**siit**—maliliit na sanga
**bituing-dagat**—salin sa Filipino ng "starfish"

# Ang Tipaklong

Nakita kong
may pumipintig
          pintig
                    pintig
sa damuhan.
Hindi naman bubuli,
hindi naman daga.

Agad akong dumapa
at saka gumapang
          gapang
                    gapang
nang dahan-dahan.
Sinundan ang pintig
          pintig
                    pintig.
Halos tumigil
ang hininga ko
nang makita
ang makikintab
niyang matang
waring mga perlas na itim
at ang mga pakpak na batik-batik—
isang nakatiklop na hiwaga.

Inihanda ko ang aking kamay,
naghugis-kawali.
Pigil ang aking hingal
          hingal
                    hingal
sa kaba.

Nakatitig ang tipaklong
sa akin,
nakahanda ang mga binting
waring lagari
na lumundag,
        lumukso,
                lumayas.

Agad ko siyang dinakma.
Pumintig
        pintig
                pintig
ang tipaklong.
Kinatok
        katok
                katok
ang aking palad
at nagsabing
"Pa-ka-wa-lan   mo   a-ko."

Ramdam ng aking palad
ang kaniyang pagmamakaawa.

Pumintig
        pintig
                pintig
ang aking puso
habang may pumipitik
        pitik
                pitik
sa aking kamao.

Ibinuka ko ang aking palad.
        Lumukso ang tipaklong
                lumipad papuntang talahiban—
isang hiwagang namaalam.

# Ang Akwaryum sa Sala

Buong araw, bawat taon,
palamuti ako
sa gilid ng sala.
Malinaw ang karga kong tubig;
wala akong mabagsik na mga dikya't pating.
Payapa ang aking mga alon
kapag kinakatok ang aking dingding
ng mga namamanghang bisita.

Maamo akong anyo ng tubig.
Batid ko ang aking tungkulin.
Wala akong daluyong
na humahampas sa dalampasigan,
wala akong uliuli
na nang-aagaw ng mga buhay
ng mangingisda't manlalakbay.

Mahiyain akong hindi umuugong
kapag may bagyo't lindol;
magalang na hindi winawasak
ang mga bundok at bangin.

Ngunit sa mga gabi,
kapag himbing na ang lahat,
maging ang mga ipinaghehele kong
bilanggong isda,
nananaginip, nangangarap
akong maging isang Dagat Pasipiko;
sa mga alon ay kalong-kalong ko
ang isanlibo't isang alamat at sekreto.